Office of the Children's Guardian

# NDIS Worker Check

# Worker Check ng NDIS

Impormasyon para sa mga aplikante

Hunyo 2024

www.ocg.nsw.gov.au

## Pagiging karapat-dapat

Ikaw ay marapat mag-aplay para sa NDIS Worker Check kung ikaw ay:

- nagtatrabaho sa NDIS at may tagapag-empleyo na magpapatunay sa iyong aplikasyon
- wala kang NDIS worker screening application na kasalukuyang pinag-aaralan sa New South Wales o sa ibang estado o teritoryo
- walang kang umiiral na NDIS worker screening clearance mula sa New South Wales o sa ibang estado o teritoryo (maliban kung wala pang 3 buwan bago ito mag-expire)
- walang umiiral na NDIS worker screening exclusion mula sa New South Wales o sa ibang estado o teritoryo
- sa nakalipas na 12 buwan, hindi nakansela ang iyong aplikasyon dahil nabigo kang sumunod sa kahingian na magbigay ng impormasyon.

Kung nag-aplay ka at hindi ka naging karapat-dapat, kakanselahin ang iyong aplikasyon nang walang refund.

## Ang kailangan mo sa pag-aaplay

Bago ka mag-aplay, kakailanganin mo ng:

- Isang MyServiceNSW account
- Apat na dokumento ng pagkakakilanlan
- Ang numero ng rehistrasyon o pangalan ng iyong tagapag-empleyo sa NDIS Quality and Safeguards Commission (dapat itong ibigay sa iyo ng iyong tagapag-empleyo)
- Isang personal email address at numero ng mobile phone. Huwag gamitin ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa trabaho (work contact details)
- Kung wala ka pang 18 taong gulang, ilagay ang mga personal na detalye, numero ng telepono, email address at pahintulot ng iyong magulang o ligal na guardian sa iyong aplikasyon.

# Mga hakbang sa pag-aaplay

## Hakbang 1: Maghain ng aplikasyon sa online

- I-klik ang 'Apply for NDISWC' sa itaas ng website ng NSW Office of the Children's Guardian: www.ocg.nsw.gov.au
- Mag-log in sa iyong MyServiceNSW account (o gumawa ng account kung wala ka pa nito)
- Sundin ang mga prompt upang kumpletuhin ang online na aplikasyon
- Padadalhan ka ng confirmation email na may numero ng aplikasyon

## Hakbang 2: Bumisita sa isang Service NSW centre sa loob ng 14 na araw (2 linggo)

- Dalhin ang numero ng aplikasyon sa iyong confirmation email at orihinal na mga dokumento ng pagkakakilanlan sa isang Service NSW centre. Dapat kang magbigay ng opisyal na salin ng mga dokumento kung mayroon sa iyong mga dokumento ng pagkakakilanlan ang hindi nakasulat sa Ingles.
- Kung naaangkop, magdala ng ebidensya ng anumang mga pagbabago sa pangalan (sertipiko ng kasal o sertipiko ng pagpalit ng pangalan)
- Bayaran ang singil sa aplikasyon ($80, o libre para sa mga boluntir)
- Magpakuha ng larawan
- Susuriin ng Service NSW ang iyong aplikasyon, pagkatapos ay ipadadala ito sa amin para maproseso.

## Hakbang 3: Beberipikahin ng iyong tagapag-empleyo ang iyong aplikasyon

- Pag-aaralan namin ang iyong aplikasyon upang malaman kung ito ay wasto. Kung kailangan namin ng karagdagang impormasyon mula sa iyo, makikipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng email.
- Kapag natukoy na ang iyong aplikasyon ay wasto, ipapadala namin ito sa NDIS Worker Screening Database.
- Ang iyong tagapag-empleyo sa NDIS ay padadalhan ng email na humihiling sa kaniya na beripikahin ang iyong aplikasyon. Mayroon siyang 30 araw para gawin ito.
- Makakatanggap ka ng confirmation email mula sa amin kapag naberipika na ng iyong tagapag-empleyo ang iyong aplikasyon.

### Karagdagang impormasyon sa Ingles

www.ocg.nsw.gov.au/ndis-worker-check-ndiswc/ndiswc-apply-and-manage/how-apply

**TIS Pambansang serbisyo ng interpreting: www.tisnational.gov.au**